



Mga pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit bilang tugon sa COVID-19 simula Hulyo 27, at ang bagong proseso ng online application para sa mga ID card ng senior

BRAMPTON, ON (Hulyo 21, 2020) –Bilang bahagi ng plano sa muling pagbubukas at pagbangon ng Lungsod, ang serbisyo ng bus ay babaguhin tulad ng sumusunod, simula Lunes, Hulyo 27, hanggang sa karagdagang abiso.

Mga Pagbabago sa Serbisyo

Ang sumusunod na mga ruta ng Brampton Transit ay tatakbo simula Hulyo 27 para matiyak na mahusay na mapapagalaw ng transit system ang mga tao sa lungsod.

- 501 Züm Queen
- 502 Züm Main
- 511/511A Züm Steeles
- 1/1A Queen
- 2 Main
- 3 McLaughlin
- 4/4A Chinguacousy
- 5/5A Bovaird
- 6 James Potter
- 7/7A Kennedy
- 8 Centre
- 9 Vodden
- 10 South Industrial
- 11/11A Steeles
- 14/14A Torbram
- 15 Bramalea
- 18 Dixie
- 20A East Industrial
- 23 Sandalwood
- 26 Mount Pleasant
- 29 Williams Parkway
- 30 Airport Road
- 31 McVean
- 35 Clarkway
- 50 Gore Road
- 51 Hereford



- 52 McMurchy
- 53 Ray Lawson
- 56 Kingknoll
- 57 Charolais
- 60 Mississauga
- 115 Pearson Airport Express

Bisitahin ang www.bramptontransit.com para sa isang talaan ng mga ruta na kasalukuyang nagseserbisyo at ang kanilang mga iskedyul.

Bilang paalala, ang mga oras ng gusali ng terminal sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ay 6 AM hanggang 9 PM. Mananatiling sarado ang Trinity Common Terminal. Para sa mga oras ng Customer Service sa mga terminal, bisitahin ang www.bramptontransit.com.

Bagong proseso ng online application para sa mga ID card ng senior

Ang mga senior ay maaari na ngayong mag-aplay online para sa kanilang Brampton Transit senior ID cards. Kinakailangang kumpletuhin ng mga aplikante ang online form sa www.bramptontransit.com, at ilakip ang patunay ng kanilang edad, paninirahan sa Brampton at litratong gagamitin sa kanilang card. Pagkatapos, ang card ay imi-mail papunta sa aplikante.

Ang petsa ng pagkapaso ng lahat ng aktibong senior ID card ay tinanggal hanggang sa hindi pa tukoy na petsa. Maaaring patuloy na gamitin ng mga senior ang kanilang expired card hanggang sa karagdagang abiso.

Kung naiwala ng mga Senior ang kanilang Brampton Transit Senior ID card at mangangailangan ng kahaliling card, maaari silang makipag-ugnayan sa Senior Card program sa 905-874-2750 ext. 16253 para sa karagdagang mga tagubilin kung paano palitan ang mga card.

Mga pangkaligtasang pamamaraan sa COVID-19

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na magpatuloy sa paglayo mula sa iba sa mga terminal, at mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask, hangga't maaari. Pinaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko. Kung ikaw ay may-sakit, paki-iwasan ang pagsakay sa transit, magpasuri sa pinaka-malapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.

May gabay mula sa Peel Public Health, ang mga rider ay pinaalalahanan na mandatoryo ang mga hindi medikal na mask sa mga bus at terminal. Ang Lungsod ng Brampton ay nakikipagtulungan nang mabuti sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib.

Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca